



Kawanihan sa Impormasyon

PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBYAN NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

**Hinggil sa pagpapalaya sa
mga detenidong pulitikal ng GRP
at mga bihag ng digma ng BHB**

*Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal
Pambansang Tagapagsalita
Partido Komunista ng Pilipinas
Pebrero 21, 2001*

Binabati ng Partido Komunista ang kautusan ng gubyernong Macapagal-Arroyo na palayain ang 73 bilanggong pulitikal. Inaasahan namin na ito ay paunang hakbang tungo sa pagpapalaya ng lahat ng bilanggong pulitikal kabilang na sina Donato Continente at Juanito Itaas.

Ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal ay isang makatarungang kahilingan ng kanilang mga pamilya, mga samahang pangkarapatang-tao at mga organisasyong simbahan.

Katulad ng isinaad namin mahigit nang isang buwan ang nakaraan, nakahanda ang BHB na palayain ang mga bihag ng digmang sina PCI Abelardo Martin at Army Maj. Noel Buan. Ang pagpapalaya sa kanila ay binibigyang kunsiderasyon hindi bilang kapalit ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal kundi batay sa mga kunsiderasyong pampilitika katulad ng pagsuporta sa usapang pangkapayaan at mga kunsiderasyong makatao.

Hindi nagpapataw ng kundisyon ang Partido Komunista at Bagong Hukbong Bayan sa posibleng pagpapalaya sa mga bihag ng digma katulad ng hindi nito pagpataw ng kundisyon sa pagpapalaya ng mga bihag sa nakaraan. Gayunpaman, katulad din sa nakaraan, ang paraan ng pagpapalaya kina Buan at Martin ay kailangang ayusin sa negosasyon. Ang *negotiating panel* ng NDFP ang may awtoridad na tumanggap ng kahilingan para sa pagpapalaya ng mga bihag ng digma ng BHB at makipagnegosasyon para sa mahusay at ligtas na proseso ng pagpapalaya.

Nakahanda ang yunit ng BHB na nangangalaga kina Martin at Buan na sila'y palayain oras na makatanggap ito ng kautusan

mula sa Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng NDFP at alinsunod sa pamamaraang mapatkakasunduan sa negosasyon.

Kailangang magkaroon ng negosasyon upang tiyakin ang kaligtasan ng mga bihag gayundin ng mga nangangalaga sa kanila. Kailangang pagkaisahan ng NDFP at ng GRP ang magiging paraan ng pagpapalaya kabilang na ang pangangailangang magkaroon ng suspensyon ng opensibang operasyong militar sa isang takdang panahon sa pangkalahatang erya ng pagdadausun ng pagpapalaya sa mga bihag.

Para sa kapakanan ng mga bihag, kinakailangang iwaksi ni Macapagal-Arroyo ang militaristang pagtangging makipagnegosasyon para sa pagpapalaya sa kanila katulad ng naging pagtanggi ni Estrada sa nakaraan. Ang gayong pagtanggi ay magreresta lamang sa pagkaantala ng pagpapalaya sa mga bihag. At katulad ng naisaad na namin sa nakaraan, nakahanda ang BHB na panatilihin sa pangangalaga nito ang mga bihag gaano man katagal ito kailangan.